Tagalog

# Be Thou Clean

By Elder D. Martin Goury
*Of the Seventy*

# Maging Malinis Ka

Ni Elder D. Martin Goury
*Ng Pitumpu*

October 2024 general conference

---

*Daily repentance allows us to discern the guidance of the Lord through the Holy Ghost.*

*Ang pagsisisi araw-araw ay tinutulutan tayong mahiwatigan ang patnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu Santo.*

When I was about five years old, I was playing football with my friends behind the church in my small village in Côte d'Ivoire. I vividly remember the preacher's call to his congregation to cleanse their clothes in preparation for the Savior's arrival. Being young, I took this call literally. I ran home as fast as my little legs could carry me and begged my mother to clean my few clothes so that I could be spotless and ready for the Savior's coming the next day. Although my mother was skeptical about the Savior's imminent return, she still washed my best outfit.

Noong mga limang taong gulang ako, naglalaro kami ng football ng mga kaibigan ko sa likod ng simbahan sa munting nayon namin sa Côte d'Ivoire. Malinaw kong naaalala ang panawagan ng mangangaral sa kanyang kongregasyon na linisin ang kanilang damit bilang paghahanda para sa pagdating ng Tagapagligtas. Dahil musmos pa ako, literal ang naging pag-unawa ko rito. Mabilis akong tumakbo pauwi hangga't kaya ng aking munting mga binti at nagsumamo sa aking ina na linisin ang ilang damit ko upang maging walang bahid-dungis at handa para sa pagdating ng Tagapagligtas kinabukasan. Bagama't alinlangan ang aking ina tungkol sa nalalapit na pagbabalik ng Tagapagligtas, nilabhan pa rin niya ang pinakamaganda kong damit.

The next morning, I put on the still slightly damp clothing and eagerly waited for the announcement of the Savior's arrival. As the day wore on and nothing happened, I decided to go to the meetinghouse. I was deeply disappointed to find that the church was empty and the Savior had not arrived. You can imagine my feelings as I slowly walked home.

Kinaumagahan, isinuot ko ang mamasa-masa pa ring damit at sabik na hinintay ang balita ng pagdating ng Tagapagligtas. Nang lumipas ang maghapon at walang nangyari, nagpasiya akong pumunta sa meetinghouse. Lungkot na lungkot akong makita na walang tao sa simbahan at hindi dumating ang Tagapagligtas. Mawawari ninyo ang damdamin ko nang dahan-dahan akong naglakad pauwi.

Years later, as I was receiving the missionary lessons in preparation to join The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, I read the following: "And no unclean thing can enter into his kingdom; therefore nothing entereth into his rest save it be those who have washed their garments in my blood, because of their faith, and the

Makalipas ang ilang taon, habang tumatanggap ako ng mga missionary lesson bilang paghahanda sa pagsapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nabasa ko ito: "At walang maruming bagay ang makapapasok sa kanyang kaharian; anupa't walang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong

repentance of all their sins, and their faithfulness unto the end."

The clarification I received at that time helped me to understand the important truth that had eluded my young mind many years prior. The preacher's message was centered on the importance of spiritual purity. He urged the congregation to seek repentance, make changes in their lives, and turn to the Savior for redemption.

Our Heavenly Father understands our mortal journey and the inevitability of sin in our lives. I am deeply thankful that He has provided a Savior to atone for our transgressions. Through the Savior's redemptive sacrifice, each of us can repent and seek forgiveness and become clean. Repentance, a foundational principle of the gospel, is essential for our spiritual development and resilience as we navigate life's challenges.

During the April 2022 general conference, President Russell M. Nelson invited every member of the Church to experience the joy of daily repentance. He said:

"Please do not fear or delay repenting. Satan delights in your misery. Cut it short. Cast his influence out of your life! Start today to experience the joy of putting off the natural man. The Savior loves us always butespeciallywhen we repent. …

"If you feel you have strayed off the covenant path too far or too long and have no way to return, that simply is not true."

If there is something that you have not fully repented of, I encourage you to heed President Nelson's call not to procrastinate your repentance. It may require some courage to engage in this process; however, I can assure you that the joy that emanates from genuine repentance surpasses understanding. Through repentance, our burdensof guilt are lifted and replaced with a sense of peace and tranquility. As we repent earnestly, we are sanctified through the Savior's blood, increasing our sensitivity to the promptings and influence of the Holy Ghost.

nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo, dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisisi ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas."

Ang paglilinaw na natanggap ko noon ay ipinaunawa sa akin ang mahalagang katotohanan na hindi naunawaan ng aking batang isipan maraming taon bago iyon. Ang mensahe ng mangangaral ay nakasentro sa kahalagahan ng espirituwal na kadalisayan. Hinimok niya ang kongregasyon na hangaring magsisi, gumawa ng mga pagbabago sa kanilang buhay, at bumaling sa Tagapagligtas para matubos.

Nauunawaan ng ating Ama sa Langit ang ating paglalakbay bilang mortal at na hindi natin maiiwasang magkasala sa ating buhay. Lubos akong nagpapasalamat na naglaan Siya ng isang Tagapagligtas para magbayad-sala para sa ating mga pagsuway. Sa pamamagitan ng nakatutubos na sakripisyo ng Tagapagligtas, bawat isa sa atin ay maaaring magsisi at humingi ng tawad at maging malinis. Ang pagsisisi, isang saligang alituntunin ng ebanghelyo, ay mahalaga para sa ating espirituwal na pag-unlad at katatagan habang nagdaraan tayo sa mga hamon ng buhay.

Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2022, inanyayahan ni Pangulong Russell M. Nelson ang lahat ng miyembro ng Simbahan na damhin ang kagalakan ng araw-araw na pagsisisi. Sabi niya:

"Sana huwag matakot o ipagpaliban ang pagsisisi. Natutuwa si Satanas sa inyong kasawian. Putulin ito agad. Alisin ang kanyang impluwensya sa inyong buhay! Simulan ngayon na maranasan ang galak ng paghuhubad sa likas na tao. Mahal tayo ng Tagapagligtas sa tuwina ngunitlalo nakapag nagsisisi tayo. …

Kung sa tingin ninyo ay nalayo kayo sa landas ng tipan nang napakatagal at walang paraan para makabalik, iyan ay hindi totoo."

Kung may isang bagay kayong hindi lubos na napagsisihan, hinihikayat ko kayong sundin ang panawagan ni Pangulong Nelson na huwag ipagpaliban ang inyong pagsisisi. Maaaring mangailangan ng kaunting tapang ang gawin ang prosesong ito; gayunman, matitiyak ko sa inyo na ang kagalakang nagmumula sa tunay na pagsisisi ay higit pa sa kayang ninyong maunawaan. Sa pamamagitan ng pagsisisi, nawawala ang bigat ng ating konsiyensya at napapalitan ng kapayapaan at kapanatagan. Kapag taimtim tayong nagsisi, napapabanal tayo sa pamamagitan ng dugo ng

My eternal companion was born with a hearing impairment and as a result must wear hearing aids. Dust and sweat can affect the performance of these devices, and so each morning I observe her diligently cleaning the connecting tubes before wearing the aids. This simple yet consistent routine eliminates any dirt, moisture, or condensation, thereby improving her ability to hear and communicate effectively. When she overlooks this daily ritual, her ability to hear suffers throughout the day; spoken words gradually fade and eventually become inaudible. Just as her daily hearing aid cleaning allows her to hear clearly, daily repentance allows us to discern the guidance of the Lord through the Holy Ghost.

Near the end of the Lord's mortal ministry and before His departure to the Garden of Gethsemane, He prepared His disciples to face the upcoming trials. He assured them, saying, "But the Comforter, which is the Holy Ghost, whom the Father will send in my name, he shall teach you all things, and bring all things to your remembrance, whatsoever I have said unto you."

One of the Holy Ghost's essential functions is to caution, lead, and guide every individual who listens to the soft, inner voice. Just as the blocked communication tubes of a hearing aid can hinder proper functionality, our spiritual connection with our Heavenly Father can also be impaired, leading to dangerous misconceptions or a failure to heed His counsel. The advent of the internet has made information more accessible than ever before. This can lead us to turn to the world for guidance rather than to God. President Russell M. Nelson taught, "In coming days, it will not be possible to survive spiritually without the guiding, directing, comforting, and constant influence of the Holy Ghost."

Tagapagligtas, na nagdaragdag sa pagiging sensitibo natin sa mga pahiwatig at impluwensya ng Espiritu Santo.

Ang aking walang-hanggang asawa ay ipinanganak na may kapansanan sa pandinig at dahil dito ay kinailangang gumamit ng mga hearing aid. Maaaring maapektuhan ng alikabok at pawis ang paggana ng mga device na ito, kaya nga tuwing umaga ay inoobserbahan ko ang masigasig na paglilinis niya ng mga connecting tube bago isuot ang mga iyon. Ang simple subalit patuloy na paggawa nito araw-araw ay nag-aalis ng anumang dumi, pawis, o pagkabasa, kaya gumaganda ang kakayahan niyang makarinig at makipag-usap nang maayos. Kapag nakaligtaan niyang gawin ang pang-araw-araw na ritwal na ito, nahihirapan siyang makarinig sa buong maghapon; unti-unting humihina ang sinasabi ng iba at kalauna'y hindi na niya ito marinig. Tulad ng nagagawa ng araw-araw na paglilinis niya ng hearing aid para makarinig siya nang malinaw, ang araw-araw na pagsisisi ay tinutulungan tayo na mahiwatigan ang patnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Nang matatapos na ang ministeryo ng Panginoon sa mundo at bago Siya nagtungo sa Halamanan ng Getsemani, inihanda Niya ang Kanyang mga disipulo sa pagharap sa parating na mga pagsubok. Binigyan Niya sila ng katiyakan, na sinasabing, "Subalit ang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalala sa inyo ng lahat ng aking sinabi sa inyo."

Ang isa sa mahahalagang tungkulin ng Espiritu Santo ay para balaan, akayin, at gabayan ang bawat indibiduwal na nakikinig sa mahinang tinig sa kanilang kalooban. Tulad ng ang maruruming communication tube ng isang hearing aid ay maaaring makaapekto sa maayos na paggana nito, maaari ding magkaproblema ang ating espirituwal na koneksyon sa ating Ama sa Langit, na humahantong sa mapanganib na mga maling akala o kabiguang sundin ang Kanyang payo. Mas napadali ng pagdating ng internet ang pagkuha ng impormasyon kaysa rati. Maaari tayong akayin nitong humingi ng patnubay sa mundo sa halip na sa Diyos. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, "Sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at nakapagpapanatag [at patuloy] na impluwensya

I am grateful that each of us can receive the gift of the Holy Ghost at the time of our confirmation. However, President Dallin H. Oaks warned that "the blessings available through the gift of the Holy Ghost are conditioned upon worthiness [and] 'the Spirit of the Lord doth not dwell in unholy temples' [Helaman 4:24]."

ng Espiritu Santo."

Nagpapasalamat ako na bawat isa sa atin ay maaaring tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo kapag tayo ay kinumpirma. Gayunman, nagbabala si Pangulong Dallin H. Oaks na "ang mga pagpapalang matatamo sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo ay nakasalalay sa pagkamarapat [at] 'ang Espiritu ng Panginoon ay hindi nananahanan sa mga hindi banal na templo' [Helaman 4:24]."

When we consciously choose to follow the guidance of prophets and apostles, our capacity to have the Holy Ghost as a constant companion grows. The Holy Ghost provides clarity in decision-making, prompting thoughts and impressions that align with our Heavenly Father's will. Having the Holy Ghost as a constant companion is crucial for our spiritual growth.

Kapag sadya nating piniling sundin ang patnubay ng mga propeta at apostol, lumalago ang kakayahan nating makasama palagi ang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng kalinawan sa paggawa ng desisyon, na nagpapahiwatig ng mga ideya at impresyon na nakaayon sa kalooban ng ating Ama sa Langit. Mahalagang makasama natin palagi ang Espiritu Santo para sa ating espirituwal na paglago.

I was recently assigned to preside over a stake conference at the Salt Lake Granger West Stake in Utah. During this event, I met a stake president who has diligently developed his ability to discern the promptings of the Holy Ghost through righteous living and daily repentance. As part of our ministering efforts, we coordinated visits to three households. Upon completing our final visit, we found ourselves with approximately 30 minutes remaining before our next engagement. As we traveled back to the stake center, President Chesnut received an impression to visit one additional family. We both agreed to follow this prompting.

Naatasan ako kamakailan na mamuno sa isang stake conference sa Salt Lake Granger West Stake sa Utah. Sa kaganapang ito, nakilala ko ang isang stake president na masigasig na napaunlad ang kakayahan niyang mahiwatigan ang mga bulong ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay at araw-araw na pagsisisi. Bilang bahagi ng aming mga pagsisikap na makapaglingkod, bumisita kami sa tatlong pamilya. Nang makatapos kami sa huling binisita namin, nalaman namin na may natitira pang mga 30 minuto bago kami pumunta sa sumunod naming tipanan. Nang maglakbay kami pabalik sa stake center, nagkaroon ng impresyon si President Chesnut na bisitahin ang isa pang pamilya. Nagkasundo kaming sundin ang pahiwatig na ito.

We proceeded to visit the Jones family,where we discovered SisterJones confined to bed due to illness. It was apparent that she needed a priesthood blessing. With her permission, we administered to her. As we prepared to depart, Sister Jones asked how we knew of her urgent need for a blessing. The truth is,wedidn't know. However, our Heavenly Father, who was aware of her needs,didknow and inspired President Chesnut to visit her home. When we are receptive to the guidance of the still, small voice, we are better equipped to more effectively minister to those in need.

Tumuloy kaming bisitahin ang pamilya Jones,kung saan natuklasan namin na nakaratay sa banig ng karamdaman si Sister Jones. Maliwanag na kailangan niya ng basbas ng priesthood. Sa pahintulot niya, binasbasan namin siya. Nang maghanda na kaming umalis, nagtanong si Sister Jones kung paano namin nalaman ang agarang pangangailangan niyang mabasbasan. Ang totoo, hindinaminalam. Gayunman,totoongalam ng ating Ama sa Langit ang kanyang mga pangangailangan, at binigyang-inspirasyon si President Chesnut na bisitahin siya sa bahay. Kapag nakikinig tayo sa patnubay ng marahan at banayad na tinig, mas kaya nating maglingkod nang epektibo sa mga nangangailangan.

I testify of a kind and loving Heavenly Fa-

Pinatototohanan ko ang isang mabait at

ther. Jesus Christ is the Savior and Redeemer of mankind. I testify that the Atonement of Jesus Christ is real and that as we learn to follow the guidance of the Holy Ghost, He will lead us to repent and use the power of the Savior's Atonement in our lives. President Russell M. Nelson is the true and living prophet of the Lord, with all priesthood keys on the earth today. In the name of Jesus Christ, amen.

mapagmahal na Ama sa Langit. Si Jesucristo ang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan. Pinatototohanan ko na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay totoo at na kapag natuto tayong sundin ang patnubay ng Espiritu Santo, aakayin Niya tayong magsisi at gamitin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating buhay. Si Pangulong Russell M. Nelson ang tunay at buhay na propeta ng Panginoon, na nagtataglay ng lahat ng susi ng priesthood sa lupa ngayon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.